Sam/Cookie: Haay.. Lam mu ba, pangatlong beses natong super affected ako sa gantong bgay. Sa iba naman kc parang wala lang. Pero eto, tindi. For the short period of time, nagkaganto ako :/

Krizzy: bkt ba sya ngkaganun?? Bkt bgla syang naggive up?

Sam: Kasi gnto un, well, actually di ko kc talaga alam kung bakit bigla syang nagkaganun. Ok naman kami kanina e. Jinojoke ko sya ng usual na joke ko skanya, ung ganun. Haay. Ewan ko lang kung bkt bgla syang nging ganun at di na ko tinext. Amp.

kroo kroo kroo

Di na din nagreply si badet.. Haay.. :(

Pero kahit papaano, nabawasan na ang dinadala ko. Nailabas ko na eh. Ang kulang nalang eh ang kalimutan siya.

NINE

THURSDAY.

Normal day. Gising ng tanghali. Doing my little housechore. Kaen. Nuod ng TV. And then text...

bzzt. bzzt

Nizer:

sorry .. geh salamat din sa lahat ..

ingat ka palagi ,

-end-

Aww.. :(Ba't nagreply pa siya? Sana hindi nalang di ba? Malapet na siyang mawala sa utak ko eh.
Malapit na.... SANA :(

Cookie: Last one mark. Anu ba kcng nangyari sayo? Gusto ko lang malaman nang matahimik na lang din ako. Sabihin mo na pls.. Lahat lahat..

It Started With A TEXT

Kahit alam ko naman ang dahilan, gusto ko pa rin malaman yun mula sa kanya. Para matapos na din..

Nizer: Pwede kalimutan mu na lahat un

O___O

Ouch. :<

Cookie: Okay. Sabi mu eh. Bye.

Nizer: Ge

-end-

Hinayaan ko nalang siya. Sabi niya eh. Eh di OKAY. I'll forget everything about it.. Everything. Especially HIM.

Everything ends today... Remember: **EVERYTHING.**

...

...

Mabilis naman dumaan ang mga araw. Tulad ng mga boredom routines, kaen-tulog-nuod TV-text lang ang ginagawa ko. Minsan din maghapaong nakaharap sa computer at explore ng explore ng kahit amo. And I must say... kahit papaano naman masasabi ko ng okay na ako.

'Pwede kalimutan mu na lahat un'

OKAY. I'M OVER IT. TOTALLY OVER IT.

I already forgot everything. :>

It Started With A TEXT

...

...

MONDAY.

Today is my bff Sandy's birthday :D

Excited much para mamaya. Kasabay kasi ng debut party niya eh yung bisperas ng Halloween. Haha XD

bzzt. bzzt

Fr: kenkoi.mac

Guyx pa'wc naman nito c prinsipemo eto diqqa nya 0921853****

Tnx!

Founder.kenkoi

-end-

Aw-kay. :D

To: prinsipemo.stc

Welcome nga pala sa mga bagow! :D be active mga children. XD

Here's my nsal: Ü

cookie

18

f

manila

*Tsup. :**

xoxo,

co'founder: cookie :)

-end-

Pause muna ako sa pagtetest. I have to get ready for the party tonight :) Sure na super daming cuties doon. Oh well. Haha :D

TEN

It **THE NIGHT.** Started With A TEXT

Whoa. Hong gondo ng venue *u* Para kaming nasa garden. Pero actually, garden talaga siya. Haha Eeek! ^__^ Ang lawak.

"HI BAKLAAAAA!!" niyakap ko kaagad si Sandy, the debutant :)

"Happy happy halloween! Ayy birthday pala! XD"

"Tch. Adik. Gift ko?" at inispread pa niya yung right niya sa mukha ko.

"Ah. E-eh... Wala e." nagkunwari akong nalulungkot at nahihiya.

Medyo napasimangot naman siya. :D

"HAHA! Charot lang!! Syempre meron noh! Ako pa!"

"Waah! Thankyou!! Hang laki!" ^____^ then hinug niya din ako.

Alam kong alam niya kung ano ang gift ko. She's longing for my art works. Portrait niya yun na nakasketch. Hehe yun ang gift ko for her :)

FAST FORWARD

Tapos na ang 18 candles pati na din 18 roses at iba pang 18s. In short, party naaa!!

"Whooo! HAPPY HALLOWEEN!!"

Nagkakainan na din kami habang sumasabay yung mga nakakajive na tugtugan.

And as I've expected, DAMING CUTIES!! ^o^ Ow, drools. XD

Nasa isang table lang ako with my bffs na sina Wendy, Krizzy, Charm, Arianne, Sandra, Julie at Jamie. But suddenly...

"Excuse me Miss."

O _____ O

It Started With A TEXT

OMO! There's a handsome guy appeared in front of me! Whoa!

"U-uhh.. Yea?"

He didn't replied. But he's smiling at me! Gosh!! He's so damn cute! >///
<

"Oh Lester!"

Napatingin naman kaming lahat kay Sandy.

"Hi San! Happy birthday again!" nagwave pa siya.

Nilapit ko ang mukha ko sa tapat kung saan siya nakaupo. **"You know him??"** bulong ko.

"Yep." sabi nya.

"Tae ka.. Pakilala mo ko!" bulong ko ulit.

"Lantod. Haha" bumulong din siya.

"Ahm.. EHEM!"

Napatingin naman kaming lahat sa umeksena. Si Lester.

"Ayy pakilala nga pala kita sa mga bestfriends ko." Isa-isa nya kaming itinuro. **"Ito si Krizzy, si Wendy, si Charm, si Julie, si Jamie at si Sam.. Girls, si Lester, schoolmate ko."**

"Ah. Hi sa inyong lahat. Hi Sam.." sabay tingin then nagsmile sakin.

HUH??

"H-huh?"

"You're Sam, right?"

"Oo, kakapakilala nga lang e."

"Hehe. Sungit naman."

OKAY. Feeling close? Di bale na nga. Cute naman e. :D

"Di naman."

It Started With A TEXT

Kami namang dalawa ni Lester ang napatingin sa kanila. Sabay sabay pa sila eh.

"Kung aayain mong isayaw yan kuya, gora na! Paganyan ganyan pa e.." sabi ni Charm habang nakasmirk pa.

"Uh.. Haha. Oo nga. Ahm.. Pwede ka bang isayaw?"

O/////O

"YIIIEE!!"

"Payag ka na Sam! Wala ka namang lovelife e!" sabi ni Arianne.

Di nga?? This prince want to dance with me?? Ohmygolly!! >.<

"Adik! Sinong may sabing wala? Tska anung konek??" mga baliw talaga tong mga kaibigan ko.

"So.."

Bumalik naman ang tingin ko kay Lester.

"..**Shall we?**" nakasmile siya habang ang isang kamay niya ay nakaspread para iabot ang kamay ko.

Inabot ko naman ang kamay niya at saka tumayo.

"Whoo! Go girl!"

Tss.. Mga loka-loka talaga. =__=

Pumunta kami sa dance floor at pumwesto. Inilagay niya ang kamay ko sa balikat niya at ang kamay naman niya inilagay niya sa waist ko.

Ang slow ng song... Pero.. ang sweet ^///^

You Make Me Feel by Nathan.. :)

Parang bumalik lang ako sa JS Prom namin.. Hihi :">

"Bat ka nakasmile?"

Napatingin naman ako bigla sa kanya. And.. Waaah! Almost ilang inches lang ang layo namin sa isa't isa!
>///< Napapikit tuloy ako...

"Huh? A-ah. W-wala wala."

"Hehe. Ang cute mo."

>____<

"Mas lalo ka pang naging cute kaya wag ka nang pumikit."

SHOOT. Kill me now PLEASE!! Kinikilig ako!! >///<

"Haha! Joke lang! Namula ka kagad e! Hahaha!"

OH.EM.GEE.

Hindi na pala! I WANT TO KILL HIM NOW!! AS IN NOW NA!!

"Kapal ng mukha nito! Anung namula ka dyan!? Dyan ka na nga!!"

Pinipilit kong kumawala sa pagkakahawak nya sa waist ko pero hindi ko alam kung anung pumasok sa kokote ng taong to at...

He hugged me.

"Wag kang kumawala please.." he whispered to my ear..

Lub dub. Lub dub. Lub dub.

I don't know pero sumasabay ang heartbeat ko sa kanya.. Ang lakas ng tibok ng puso niya.

"B-but.. Do I know you? Why acting like this?"

Instead of hearing his answer, he just hugged me so tight.. As in tight. Pero yung mahigpit na yakap na yun tells me na wag ko daw syang iwan.

"Sorry na. Sorry.."

Nakayakap pa din talaga siya sakin. Pero naguguluhan ako! Why is he saying sorry to me??

"Hey wait. Will you quit hugging me?! I don't know what you're talking about! Why say sorry?? Naguguluhan na ako ah."

Di nya pa din ako pinapakawalan.. Sh1t. He's insane! A psycho!! >__<

"Joke lang yung cute ka kasi maganda ka.."

Tinanggal niya ang kamay niya mula sa pagkakayakap sakin then back sa paghawak sa waist ko.

"Huh?? Magsosorry ka na lang, mangyayakap ka pa?? Nakadrugs ka ba kuya?"

Loko 'to. Minamanyak lang ata ako neto eh!!

"Sorry na. Hehe."

"Tch."

We continued dancing. Paiba iba yung song. Ang astig nga e. He's good in dancing. As in. Lalo na nung pinatugtog yung Teach Me How To Dougie.

And I'm like...

Ang HAWT niya.. *Q*

ELEVEN

FRIDAY.

Normal day again. But last night, I must say it was an extraordinary night.. <3

flashback

"Haha! Ang adik mo! Hindi kaya! Haha!"

"Oo kaya. Haha."

"E anu ba kasi yung tamang sagot dun? Haha! Parang wala naman e!"

"Isip ka pa.. May premyo ka saken." at nagsmile pa sya na sobrang charming. *__* Err.. I hate it. Not. <3

Grabe. Parang napakaclose namin sa isa't isa. Yung parang... we've been known each other for a long time.. And I'm so happy to be with him :)

"Ang cute niyo together."

Napatingin naman kami sa likod namin...

Si Sandy. Kasama niya yung iba kong bffs. OW NOES! O_O

"**Talaga? Hehe, Liligawan ko nga 'to e. Pwede ba?**" sabay hawak sa kamay ko at inintwined pa niya 'to sa kamay niya habang nakatingin sa kanila.

Okay lang siya?? WHAT THE HELL?? >///
<

"**Ayiiie!! Yeah! Pwede pwede!! Wala namang love life yan eh!**" sigaw ni Wendy.

"**Give him a chance badet! Kaya mo yan.**" todo cheer naman si Krizzy.

Err.. Kaadikan talaga. >.<

Pinipilit kong tanggalin yung left hand ko mula sa pagkakaintwined sa right hand nya pero imbes na makawala ako, mas lalo nya lang hinihigpitan yung pagkakahawak nya sa kamay ko.. T__T

Pero infairness ha, ang lambot ng kamay niya. Well.. sarap hawakan. ^//^

"Oh. Payag na daw sila." todo smile pa!! Eee! Wag kang ganyan!! Naiinlove ako!! >///
<

"Bakit? Sila ba liligawan mo? Di naman ako pumapayag ah." Oha! kelangan magtaray. XD Syempre di naman kasi ganun kadali at kabilis yun no.. Kakakilala lang kaya namin. Ang bilis naman nun kung magpapaligaw ako noh. Tch. =__=

PERO—

Heyy! Did I say na magpapaligaw ako??

NOOOO! Totally NO! Kakakilala lang kaya namin! Swerte niya kung ganun! Tsk!

"Di pa naman kita tinatanong e.."

Ayy? AnakngTokwa. Loko 'to ah. Is he trying to bug me up again?? Bugbugin ko kaya 'to?

Grr.. Masasaktan ko na talaga to e! Di ko alam kung kikiligin ba ko o maiinis!! >:(

"..kasi pagtatrabahuan ko muna yun bago kita tanungin.."

CRAP.

It ^{o/////o} Started With A TEXT

"Waaah!! Banatero pala tong si Lester!! Kakiliiiiig!!" sabi ni Jamie.

Shemai!! Bakit ba siya ganyan!? >///
<

end of flashback

Pero parang adik lang.. Paano niya kaya mapagtatrabahuan yun kung wala naman kaming communication?? Urrgh. Kainis lang.. -.-

I think I really have to stop believing on 'em.. They're all the same.. Boys are all the same.. Pare-parehas lang.

To: OSTC People (Send to Many)

Late Morning again.

Ayy Aftie na nga pala.

Imma eat my BreakLunch.

Text tayo while eating.Ü

GRP.

cookie: don't believe 'em anymore.. they're huge big trickers. =__=

-end-

Yea. Boys are really a '*Huge Big Trickers*'. They make us girls fall in their traps and don't able to exert any efforts to save us from their oh-so-effin'-trap. Errr.. I'm starting to hate them, really. >:(

bzzt. bzzt

Prinsipemo: Hi cookie :)

FC?? Tss.. Mga lalaki talaga. =__=

Cookie: Hi din. Nsal mo?

Prinsipemo: prinsipemo/mac, 18, m, val. thanks nga pla sa pagwc sakin :)

It Started With A TEXT
Dami namang taga-val. Tsk . Antae. May naalala tuloy ako.. Amp.

Cookie: ah, wala un. wolong onomon. :)

FAST FORWARD

In fairness sa'ming dalawa ng Prinsipemo na 'to, almost whole day na kaming magkatext. Well actually, di siya boring katext. Ang kulit nga niya eh.. Hehe :) Ang sarap nyang kachikahan. Pero di siya gay ha. And open ang niya sakin. Nagkukwento kasi siya about sa girl na nililigawan niya ngayon. Nagtanong din siya sakin kung ano daw magandang 'da moves' para mapasagot niya yung nililigawan niya. Well, kahit di naman ako lalake, ishinare ko nalang yung gusto kong gawin for me ng isang guy. Hihi :">>>>

Prinsipemo: Tingin ko astig yang mga suggestion mu. ang galing :)

Cookie: haha. Syempre, ako pa! XD

TWELVE

Dumaan na ang SATURDAY, SUNDAY, MONDAY, TUESDAY, WEDNESDAY na wala naman nangyari. Puro text lang.. and today?

It's THURSDAY.. =_ =

Ughh.. I don't know why but I'm feeling lazy today.. I just don't feel like coming to school anymore.. Tsk. I'm being lazy na. Amp.

FAST FORWARD

Ayun, natapos na ang buong subjects. Yey!!
And our next destination?

Sa Mall! ^_^v

To: OSTC People (Send To Many)

Here @ SM with my college friends!! ^^

It Started With A TEXT

*Babe and Bebs.. :">
Ow.. Imissthemboth.ü*

*Whee.. Wala na kaming klase! Hoho aga pa :D
Kaen na kayo lunch! Ü*

*GRP.
cookie :D
-end-*

Well, I really miss them so much :">

Sila yung lagi kong kasama sa campus, everyday! Same major lang kami ni Babe which is Kaye and Bebs which is Aina, bestfriend sya ni Kaye and we're bestfriends na din! :"))

We went to a fastfood chain, yung may unlimited rice? Haha! Alam na! :D

"Bibi. Anung oorder mo?" sabi ni Kaye.

"I'm on diet so I prefer... Ice cream." sabi ko.

"Whoo.. Diet diet. Saka nalang!! Sabay sabay na tayong magdiet!" sabi naman ni Aina.

Ee... Ayaw. Tumaba kaya ako dahil sa wala akong magawa sa bahay that's why I have to lose weight again. Tsk

"Ee.."

Nag-order na lang si Kaye. Hoho. Di nila ko pinilit, nagpapapilit lang kaya ako. XD

"Ayy ma'am, unavailable na po yung ice cream namin.. Pili na lang po kayo ng iba."

Hala naman! Bakit ngayon pa?!! Naman e!! >.<

"So panu ba yan?" sabi ni Aina. Tsk. At nagsmirk pa tong bruha to ah. Amp

Taerr.. Wala rin akong magawa.. Ayaw ko ng ice con yelo tska saba. Ayaw ko din ng halo-halo!! Ampupu naman. >.<

"Osige na nga.. Hmp."

"Yey! Haha!" todo tawa pa 'tong isang bruha.. Si Kaye.

"Sabay sabay na lang tayo magdiet!" sabay tumawa din si Aina.

Oh yeah. I'm such a loser.. Tsk.

Nakapagorder na kami at nakahanap na din ng mauupuan.

"Hoy B. How'sh your vacation?" tanung ni Kaye habang ngumunguya. Wala na tuloy poise. Haha baliw talaga.

"Ayun, kahit papano okay naman.. Kahit wala masyadong ginagawa, di naman boring. Kayo ba?"

Sumubo ako ng isang kutsara. Mmm.. Num num num—

"Whoo.. E kamusta lovelife? Anu yung giniem mo nun? Ung about kay ano ba yun? Ah! Kay—" di ko na pinatapos sa pagsasalita si Kaye.

"Tss.. Wala na yun. Haha! Nag-evaporate na.."

"HAHA!"

Ayy? Joke ba yung sinabi ko? Makatawa naman yung dalawang bruha.. =___=

"Oh, Bakit?" tanung ko. Kaloka 'tong dalawang 'to.

"Wala. Haha ang plastic mo B." sabi ni Aina.

"Oo nga. Tatawa tapos biglang ganun. Haha umayos ka nga!" sabi naman ni Kaye.

It Started With A TEXT

Eh?? Bakit? Eh gusto ko e!

"Plastic ka dyan. Wala na yun nu. Wala syang wenta. Weak." amp.. Wala na talaga yun. No big deal.

"Oh kitams? Haha BITTER!" sabay pa silang nagsabi ng bitter. Tsk. Ako bitter? Di kaya. And HELLO? Saglit lang yun, kumbaga dumaan lang kaya di na dapat alalahanin.

"No, I'm not. Wala lang yun. Tska as if naman nu? Magpapakabitter sa 3 days na yun? Haha ang OA ko na nun."

"Okay." sabi ni Aina. Si Kaye naman, nagnod lang.

Tss.. Parang mga adik talaga tong mga to. Okay lang yung isasagot?? Hay naku.

Kumain na ulit kami. Ayun, laptrip din. Si Aina kasi, ang takaw talaga. XD Nakakalimang rounds na sya ng extra rice. Akala mo hindi babae eh noh? Pero astig yan, ang bagal tumaba!

bzzt. bzzt

1 new text message received.

Nagtext si Prinsipemo.

It Started With A TEXT
Prinsipemo: san ka ?

Huh? Makatanong naman.. Bakit kaya? Hmm.

Cookie: dito mall, kumakaen. Bkt?

Prinsipemo: aa, san sa mall ?

Hala? Todo tanong talaga ah?

Cookie: ahm, dito inasal. Bkt nga?

Prinsipemo: ge w8, punta ko.

HUWAAAT??! NO WAY! DI AKO READY MAKIPAGMEET!!!

Cookie: HUH?! Wag!

Prinsipemo: huh ? bkt nman.. ?

Cookie: eh.. Kasama ko kc mga frnds ko e. Next tym ka nlang mkgpagmeet.

Tsk. Ayoko talaga.. Tska kasi.. Ano eh. Di ko pa siya nakikita sa fb no. Baka mamaya... ano. Ahm... alam niyo na. Ayun. Kaya ayaw ko talaga! >.<

Prinsipemo: di naman ako mkgpagmeet e.

AH? Uso ba pahiya ngayon? Tae naman. Nakakadalawa na ko.. Loko 'to ah.

Cookie: ah OKAY. E bkt mu pa tinatanung asan ako?

Tsk.. Kainis.. Tatanong-tanong tapos ganun pala?! Eh ASDFGHJKL pala siya eh!!

Prinsipemo: may ibgay lng kc ako sau..

It Started With A TEXT

Huh?? Ano namang meron at bibigyan niya ako? Wew..

Cookie: eh? Bkt? Anung meron?

Di na sya nagreply. Ano nga bang meron? Napapaisip tuloy ako..

after 10 minutes..

bzzt. bzzt

Prinsipemo: andto na ko sa labas

OH EM. O _____ O

"Uy wait lang ah. May puntahan lang ako." sabi ko kila Kaye at Aina.

"Huh? San?"

Di ko na nasagot ang tanung ni Kaye. Dali dali akong lumabas. At pag labas ko..

= _____ =+

Parang wala namang taong naghihintay or what. Tae, niloloko lang ata ng lalaking yun e!

Cookie: san kba? Parang wala ka naman e! >.<

Prinsipemo: cnu ba may sbing anjan ako? Dito ako sa labas ng bhay namen, nagpapahangin. XD

The EFF. As in EFF talaga!!

Cookie: LETSUGAS KA. It Started With A TEXT

Deym. Just deym! >.<

Prinsipemo: oh bkt? joke lang naman e.. To naman. sori na po :3

Leshe. = ___ =

Cookie: Tse. Kainis ka. Wag mu na kong itext!

Bwisit!

Prinsipemo: Hala?? Uy, sam.. sori na. joke lang naman e. sori na talaga. :(

TSE. Manigas ka dyan. >:(

Bumalik na ako sa table namin na nakakunot ang noo at magkasalubong ang kilay.

"Oh, what happened? Bat ganyan itchura mo?" tanung sakín ni Aina.

"Wala. Ate! Padagdag pa po!" tinawag ko yung may dala ng pang'extra rice. Badtrip ako eh. Kelangan kong kumain. Nakakabwisit!!!

"Hoy babae! Ano bang nangyari?" sabi ni Kaye. Pinitik pa ko sa noo. Tsk

"Oo nga! Alam mo hinahabol mo pa ko! Nakakalima ka ng extra rice! E ako nakakapito palang e!" sabi naman ni Aina.

Oo nga. Di ko namalayan na nakakarami na pala ako. Tsk. Badtrip kasi eh!! ><

"HAAAY. Badtrip lang kasi.." pagsisimula ko.

"Bakit?" nagchorus pa ang dalawa.

"Di ba nga lumabas ako? Nagtext sakín ung isa kong kaclanmate na nasa labas daw sya. E kasi daw, may ibibigay daw. Tapos nung makarating na ko sa labas, parang wala naman. Mga dumadaan lang. Nagtext ako sakanya tas sabi nya JOKE LANG DAW YUN. Badtrip di ba? Kaya sobrang inis talaga ko dun. Sabi ko wag na nya kong itext. Bwisit talaga."

Oo! Bwisit talaga yung Mac na yun! Panira ng moment!

"E bakit ka naman kasi naniwala dun? Marami ng mga loko loko, kasama sya." sabi ni Aina.

"Oo nga. Tska magquit ka na nga dyan sa clan na yan! Ang corny kaya!" sabi naman ni Kaye.

Eh? Wag naman. Kung kelan nag'eenjoy na ko e kahit first time ko lang makasali sa isang clan. Badtrip lang talaga ako. At di ako magkuquit! ><

"Ee.. Yaan nyo na nga. Badtrip lang talaga ko ngayon."

"Haay naku Sam. Wag ka na nga. Magquit ka na dyan, naku." sabi ni Kaye.

"Ee.. Ayaw." sabi ko tapos nagpout pa.

"Tse. Di ka cute kaya wag kang mag ganyan." sabi ni Kaye.

Si Aina naman, nagbusy-busyhan ulet sa pagkain. Tinigilan na ko ni Kaye sa pamimilit nya na magquit na ko. Siya na kasi 'tong nababadtrip imbis na ako.

Tumayo nadin kami kasi tapos na kaming kumain. At nang sinilip ko ang phone ko...

Whoa. O_____O

56 new text messages
24 missed calls

Tindi. Grabe namang magsi-gm 'tong mga kaclanmate ko. Gusto ba nilang pasabugin ang inbox ko? Kaloka ha.

At tska grabe din! As in over! Sino naman 'tong nagmimissed call na pagkadami dami?? Chineck ko...

Okay.. =__=

It's Mac.

"Woy, makataas naman ng kilay." siniko ako ni Aina.

"Tingnan nyo." pinakita ko sa kanila yung phone ko na may 24 missed calls ako from Mac a.k.a Prinsipemo.

O__o

At tinaasan din ako ng kilay ni Kaye. Tamang trip 'tong babaitang 'to. Tch

"Oh bakit?" tanong ko.

"Whatever." sagot sakin ni Kaye. Loka-loka talaga. Tss.. =_ =

Palabas na kami ng fastfood nang biglang nagring yung phone ko. Pagkatingin ko..

prinsipemo.mac calling..

I don't know if i am going to answer his call. Err... I'm still pissed on him. Bahala siya.

Nakalabas na kami ng fastfood. And pumunta kami sa direction papuntang moviehouse. Todo kwentuhan lang kaming tatlo habang naglalakad.

"Miss! Wait lang po!"

Ayy, grabe si Kuya. Makasigaw. =_ =

Lakad.. Tawa/Lakad.. Tawa/Lakad

"MGA MISS!!!"

Nagulat kami nung humarap sa'min yung kuyang nagsisigaw. Napatigil naman kami.

"Uh.. Yes?" mataray na sabi ni Aina.

"Sino po sa inyo si Sam de Ocampo?"

"Huh??"

Nagkatinginan kaming tatlo. (_oo) (oo_) (oo_)

Bat naman ako hinahanap nito?? Wew.. Creepy. o_o

"Uh.. Bakit po? Ano po bang kailangan nila?" sabi ni Kaye. Hindi ako nagsasalita. Nagugulumihanan ako.

"Ah, may pinapadeliver po kasi samin. Para po kay Sam de Ocampo."

Nagtinginan ulit kami.

Ngayon ko lang napansin na may hawak pala si kuya na isang bouquet ng white roses na may violet and blue na nakapaligid.

"Huweeeh??" biglang lumabas sa bibig ko yun. Di kasi ako makapaniwala. Pero baka naman kasi di ako yung sinasabi nya Sam de Ocampo. Samantha kaya ako.

"Eh bakit po kami yung tinanungan nyo? Panu po kayo nakasisigurado na isa samin si Sam de Ocampo?" sabi naman ni Aina.

"Ah. E kasi po ma'am, sabi ng po customer namin, may tatlong mga babaeng nakauniform na all white daw po na pang nursing uniform. Eh sumilip po ako sa loob, kayo lang po yung nakita kong nakauniform na ganun kaya hinintay ko po kayong makalabas at nagbabakasakali na baka isa nga sa inyo si Ms. Sam de Ocampo.."

Wew. Nakakagulat lang. Sino namang magbibigay sakin ng ganung kaganda at mukhang expensive na bouquet? At isa pa, ano namang meron??

Wala ng salita salita. Tinuro agad ako nung dalawa.

"Siya po yun kuya." at tinulak tulak pa ko. Tsk

"Sure po ba kayo?"

Aww fork it. Uso ba ngayon ang mang'inis? Parang gusto ata dagdagan ni kuya yung pagkabadtrip ko eh..
=__=

Tinaasan ko lang ng kilay si kuya as a reply dun sa tanung niya.

"Ayy, n-na-naninigurado lang po.." sabi niya.

"She's really the Sam de Ocampo you're looking for, Mister." sabi ni Aina. Well, nairita din ata si Bebs sa nakakalokong tanung ni Kuya.

"A-ah, okay po. Pakipirmahan nalang po ito. I-ito na po pala yung flowers nyo.." at nauutal pa si Kuya ha. Natinag ata kay Bebs. XD

"Sige po ma'am, thank you po." at umalis na si Kuya.

Tiningnan ko ulit yung flowers.. And... It's really beautiful. Nawala bigla yung pagka-BV ko.

'Kung sino man ang nagbigay nito, thank you' sabi ko sa utak ko habang nakasmile pa :))

"Yiiiee! Kaw Sam ha! Kanino galing yan!" sabi ni Kaye, may pa tusok tusok pa sa tagiliran ko.

"I dunno.. Wala naman akong manligaw no." kunwari di ako masaya. Pero kinikilig talaga ko! Haha!

"Hanapin mo kaya yung card. Baka dun nakalagay kung sino nagbigay nyan." sabi ni Aina.

Hinanap ko yung card sa gilid at labas ng bouquet. Pero wala akong mahanap. Tsk.

"Ee.. Wala naman e."

Amp. Pabitin effect naman tong nagbigay nito. Sana naglagay man lang siya ng kahit maliit na note lang. Amp.

Naglakad na kami ulit papuntang moviehouse. Shocks lang! >< Nakakahiya! Habang naglalakad kami, pinagtitinginan kami ng mga tao! Urgh! Kung pwede ko lang isilid to sa bag ko e! Eh kaso, masyado siyang malaki, at maliit lang yung bag ko.. T__T

"Uy Bebs, Babe." waaah.. Gusto ko ng umuwi. Nakakahiyang gumala ng may hawak na ganto! >3<

"Oh." sabay pa silang dalawa.

"Uwi na lang tayo.." :(

Feeling ko nanliliit ako sa mga tingin nila eh. <

"Ngek? Bakit naman?"

Yeah, no big deal at ano nga naman kung may dala akong flowers? Pero kasi...

Inangat ko yung flowers at sumenyas.

"Wag ng arte. Yaan mo sila. Mainggit sila sa flowers mo!" sabi ni Kaye.
Okay PAYN.. -.-

So nanuod kami ng movie. Punta sa mga boutique. Kain ulet. Then uwi..

bzzt. bzzt.

22 new text message received.

Prinsipemo: uy cookieSam.. Wag ka ng magalit pls.

Yan yung nabasa ko ng paulit ulit.. 20 times. Tch.

Prinsipemo: ntanggap mo ba ung flowers? Sori na pls.. :/

It Started With A TEXT
WHAT. THE. HELL. O__O

Seriously??

"Aww.. Shems."

Fudge. Panung..? Bakit..? Waah. Impossible! >_<

Dali dali ko siyang nireplyan.

Cookie: uy! WEH? Di nga?? Kaw ba talaga nagbigay nun?? O_O

I can't believe it. Di naman sa namamaliit ako pero... Ang kocorny kaya ng mga kaclan ko! Tska.. Ang expensive nung flowers.. Kaya panung?? Waah. >.<

Prinsipemo: w8 lang..

Oh deym. Sagot ba yun? Badtrip ha. Sasabihin lang ng Oo at Hindi eh. Tsk!

prinsipemo.mac calling..

Ah.. Kaya pala.

"Hello."

(Yess! Buti naman at sinagot mo na. Ahm.. Di ka na ba galit sakin? Sorry na talaga..)

"Whatever. Ayaw ko kasi ng mga ganung joke.. Tsk"

(Sorry na please? Ang totoo kasi nyan—)

"Okay na. Don't explain.. Ahm, thanks nga pala sa flowers.."

(Di ka na galit?)

"Psh.. Abnormal ka kasi. Haha. Pero.. Yeah. Not anymore. Pasalamat ka sa flowers, ang ganda kasi nila kaya nawala agad yung inis ko sayo."

(Okay. Thanks sa mga flowers!)

Narinig kong tumawa siya sa kabilang linya.

"Haha. Adik. Nag-thank you nga."

Adik talaga yun.. Pero, nag'effort talaga sya ha? And I really appreciate it. :")

Pero nakakapagtaka.. Tinanung nya lang naman kung nasan ako pero panu nya nalaman na kami nga un?? At nakaputi pa talaga ha? Panu nya nalaman? E medyo kakakilala lang namin at di pa ko masyadong nagkukwento sa kanya. Hmm.. Weird.

"Oy. Panu mo nga pala nalaman na white yung uniform namin? Wala naman akong natatandaan na nagkukwento ako sayo about sa buhay-buhay ko sa school di ba?"

Ang weird talaga.

(Ah.. Yun ba? Anu.. Ahm—)

"Ano?"

(Eh di ba tatlo kayong magkakasama nun? Yun lang naman yung sinabi ko sa delivery boy e.)

"Oh?"

It Started With A TEXT

(O-oo. Yun lang. B-bakit? Ano ba sabi?)

"Ah. Wala. Yaan na."

Ang galing naman nung delivery boy. Hmm..

Nagkwentuhan lang kami. Ang dami nga nyang nakukwento sakin e. Di ko alam na ang daldal pala nya? Unusual para sa mga guys. Ang mga guys kasi bihira lang magkwento or mag'open up ng kung ano. Ewan lang. Yun lang yung alam ko. Feeling ko nga ang tagal na naming magkakilala e. Yung tipong komportable syang makipag'usap sakin. Pero di ko rin alam. Baka hanggang sa phone lang to at hindi sa personal.

(Tuwing kelan ka ba free?)

"Huh?"

(Ahm, pwede ba tayo maghangout minsan? Or kahit kain lang sa labas? Treat ko.)

"Huh? Hangout?"

(Yeah.. Pwede ba?)

"Ahm.. pwede naman."

(Talaga? Twing kelan ka ba free? Pwede ka ba ng weekends?)

"Hmm.. Yeah. Pag weekdays kasi medyo busy sa school. O sige. But saturday lang ako free."

(Talaga? O sige sige!)

Yung boses nya parang ang saya saya nya. Ang kulit ha.. Haha.

Nagkwento pa siya ng kung anu-ano. Sa totoo lang, naiimpress ako sa kanya ha. Parang iba yung personality nya. Pero may naaalala ako sa kanya... Yung lalaking magtatrabaho daw sakin na di naman ginawa. Tch. Kaurat lang =__=

THIRTEEN

SATURDAY.

Ang usapang call time namin ni Mac a.k.a Prispemo ay 3pm.

Well actually it's already 3:45pm when I came here in the mall. I don't know. He didn't even texted me if nasa meeting place na ba namin siya. Tsk.

Tinext ko na siya. Sinabi ko sa kanya kung asan ako at ano ang suot ko. Mamaya eng-eng pa yun. Kainis lang..

Several times na kong nagtext sa kanya but he didn't replied to me kahit once lang. Tsk! Loko yun! Sasapakin ko talaga siya pag ininjan niya ko! Makikita nya! Hmp.

bzzt. bzzt

Prinsipemo: Nkita na kta. Dyan ka lang.

Huh? Ba't ngayon lang siya nagtext? Eh abnormal pala to e! Tsk!

Wala pang 30 seconds at may tumawag sa name ko, isang guy.. Napatingin naman ako sa direction kung san galing yung tumatawag sakin.

Then nakita ko na siya...

He wears glasses. So unang mapapansin mo ay may pagkanerd siya.

It Started With A TEXT
Geeky type.

Pero yung porma niya, parang... Ang cool. Actually yung porma niya hindi yung pangnerdy talaga. Simpleng printed shirt lang tapos shorts na common sa porma ng mga guys then shoes. And unfairness, ang tangkad nya ha. Sakto lang rin sya, di mapayat, di din mataba. Tama lang. Ang cute pa ng eyes nya.. Malalim. Then his nose, ang tangos. Fair skin. Then the best thing is... I like the way he smiles :)

He smiled at me before he run towards me. Then I smiled back.. :)

"Uh... Hi." then he smiled again.

Err.. Damn that smile. So cute :">

"Uy sorry kung nalate ako. Anu kasi—"

"Naa. It's okay. Sorry din kung di ako nagrereply. Gusto ko kasing hanapin ka talaga."

"Sus. Arte ah."

Tawanan lang kami.

"So.. Shall we?"

"Huh?"

Napatingin agad ako sa kanya.

Parang... Parang narinig ko na yung boses nya e. Sounds familiar. I just can't remember.. Tsk Darn.

"Ka ko, tara na. San mo gusto pumunta?"

"H-huh? Ah eh. Kahit saan."

Di ko talaga matandaan! >__<

Naglibot-libot kami sa mall. Since hapon naman at di naman ako gutom, nag-CB na lang kami at bumili ng frappe and sorts of desserts. Kwentuhan na din pati tambay. Todo tawanan nga e kasi ang dami niyang kwento. Di nauubusan. Nakakatuwa.. :3

"Ahm.. Tingin mo? Ano ba yung madalas na tipo nyo sa mga guys? Yung mga traits ba na common na nagugustuhan nyo sa isang guy? Medyo naguguluhan kasi ako dun sa nililigawan ko e.. Naalala mo pa ba yung kinukwento ko sayo?"

Ah. Yeah.. tsk. Kainis naman 'to. Kelangan talagang isingit yung nililigawan niya? Tsk. Ang saya na nga ng kwentuhan e. Panira. =__=

"Ah, oo naman. Hehe. Ahm.. Yung common, syempre yung gentleman and knows how to respect girls. Gusto namin yung lalaking malinis at mukhang mabango kahit hindi pa amoyin. Haha! Tapos, ahm.. Matangkad at tska yung lalaking kaya kaming yakapin ng buo 'coz we feel safe on their arms. Then we like guys who are caring and who can protect us from anyone or any danger. Hmm.. Ano pa ba? Medyo madami pa e. Di ko lang maisip. Haha!"

"Ganun? Tingin mo? Magugustuhan nya kaya ako?"

What kind of question was that?? Tae! Parang ikaw nga yung dinidescribe ko eh!!!

"Oo naman no. At saka ang bait mo kaya. Tapos ang daldal pa! Haha! Pero okay yun.. Kaso depende lang rin yun sa type nung nililigawan mo. Baka serious type yung gusto nun. Talo ka dun. Maingay ka e tas comedy pa. Haha!"

Haha. Yeah.. Wala talaga siyang palag dun. Pero mas nakakatuwa kaya yung tipo niya kesa sa serious type na sinasabi ko. Haha.. Haay.. :)

"Ayy ganun? E ikaw ba? Anu ba type mo?"

Yung tipo mo :) Ikaw ang type ko!!

"Haha.. Ganun din.. Tska gusto nga rin pala namin na kinakantahan kami."

Yep. I like guys who are singers, but not necessarily have a good voice.. Basta yung mag-eeffort lang na kumanta kahit hindi maganda pakinggan, solve na. :)

"Talaga? E di required talaga na haranahin kayong mga girls?"

"Huh? Di naman. Pero dagdag pogi points kasi senyo yun kaya medyo lang, para maimpress yung nililigawan mo."

"Ahh.."

It took almost two hours na nagkukwentuhan lang kami sa mga bagay-bagay. Nakakatuwa nga e. Komportable kami sa isa't isa. Yung parang matagal na kaming magkakilala? Yung ganun.. :)

Umalis na kami sa coffee shop at naglibot libot ulet. May nadaanan kaming Arcadan na may karaoke din. Nagoccupy kami ng isang room at dun na nagsimulang magkantahan.

"Whoa! Ganda boses ah! Hahaha!"

Laughtrip talaga XD

Parang joke lang yung pagkanta niya. Haha. Medyo sintonado kasi.. :D

"I take.. one step.. away.. then I find myself coming back to you.. my one and only, one and only you."

Oww.. Sana para sakin na lang yung kinakanta nya. Haay.. Yan yung gustong gusto kong ipakanta sa ex ko e. Kaso di naman niya nagawa.. Buti pa yung girl na nililigawan ni Mac.. Haay.

"Nakakamiss mainlove.."

"HUH?" nakamic pa siya. Ang lakas tuloy ng pagkakasabi niya. Adik talaga.

"Ah wala.."

Itinabi niya yung microphone at umupo sa tabi ko.

"Dali na. May problema ka ba?"

"Problema?? Wala nu. May naalala lang.."

"Ano naman yung naalala mo? O sino ang naalala mo?"

Napatingin ako sa kanya. Medyo seryosong pagtatanong niya.

"Ayaw ko kasing nakikita kang ganyan na hindi masaya.." dagdag pa niya.

"Talaga? Hehe.. Hindi naman sa hindi masaya. Nakakamiss pala ang mainlove nu? Alam mo bang kitang kita ko sa mukha mo na gustong gusto mo talaga yung nililigawan mo. Siguro kung nandito lang sya, kinikilig din yun kahit sintunado ka pa. Haha!"

"Grabe ka naman. Haha. Pero oo, gustong gusto ko talaga yung nililigawan kong yun. Gusto ko nga kunin ulit yung loob nya e. Nung una kasi, inisip nya na sinungaling ako at weak dahil sa hindi na ako nagparamdam ng presence sa kanya. Pero this time.. Gusto ko ng patunayan na totoo ang lahat ng sinasabi ko pati na rin ang ginagawa ko para sa kanya."

"Naks naman! Ikaw na! Ayy, siya na pala! Haha"

Lumabas na kami sa room at naglalakad ulet. Habang naglalakad at nagkukwentuhan, di namin na malayan na maggagabi na pala. Nakarating kami sa seaside at nagstop over.

"**I always wanted to draw something beautiful as this.**" I am referring to the sunset. Ang ganda talaga kasi..

Napatingin lang sakin si Mac. Tapos balik ulet sa sunset.

"**But I can't.. Nakakafrustrate lang..**"

"Bakit?"

At last, nagsalita na rin siya.

"**I don't know. I just can't.. Maybe because of bitterness. Tsk. Damn that bitterness.**"

Napailing lang siya sa sinabi ko.

"**I used to have a boyfriend and before we go home after we dated, we always watched sunset. Why am I bitter? Because I caught him cheated on me on the same place where are right now...**" I heavily sighed, "**And he's with the other girl... They're... kissing.**"

Medyo natutula lang siya sa sinabi ko. Ako naman eh nakatingin pa rin sa sunset.

"**Alam mo bang yung kinanta mo ang gustong gusto kong kantahin nung ex kong yun? Alam nyang favorite ko yun. At isa kanta nya lang saken, magiging okay na ang lahat.. But he didn't. It only means he really let me go.. Hangin' around.**"

Di ko alam pero may dumampi sa pisngi ko...

Isang kamay na may hawak na panyo.

Di ko alam na tumulo na pala yung luha ko. Tsk Darn it.

"**Just let it out.. And after this, you have to promise me one thing.**"

Sinunod ko yung sinabi nya. Umuyak lang ako ng umiyak. Pero di ako umiyak ng ako lang. I was leaning on his shoulder..

After that, feeling ko naubusan na ko ng luha so I stopped.

Tumingin ako kay Mac. Nakatingin pala siya sakin.

"Okay ka na?"

"Yeah.."

But deep inside, no. Naubusan lang ako ng luha kaya tumigil na ko.

"I know you're not."

O___O

I don't know how to react...

I think I was stiffened by his arms.

Yes, nakayakap siya sa akin..

"Di ko alam kung ano ang gagawin ko just to make you feel better. Pero as your friend, sana kahit papaano, mafeel mo na may taong mas karapatdapat sayo at kalimutan mo na ang nakaraan. With these arms.. I will protect you.."

"Will you let me?"

FOURTEEN

ALMOST TWO MONTHS PASSED..

'I want to protect you..Will you let me?'

Sa totoo lang nagulat talaga ako doon sa sinabi nya.

The fact na alam kong may nililigawan sya ay mas lalong ikinagulat ko na ako daw yun. Ang gulo di ba?

Wanna know what's my answer to his question?

Syempre, hindi..

Hindi ako hihindi sa tanung niya. Sa totoo lang... it's not his looks ang nagustuhan ko but the way he make a move just to move closer to my heart. Isn't it amazing? Natatawa nga ko eh. Of all those times na magkakausap kami about sa '*nililigawan nya*' eh ako lang pala yun? Nung time na nalaman ko yun, hindi ko alam kung ano ang irereact ko. Kung magagalit ba ako or what. I don't know... All I know is.. I just hugged him back. Yeah.. I'm hurt. And I need his arms.. and his love.

Sa loob ng almost two months, he courted me. Call and text ang drama. Pero minsan, nagkikita kami. You know... dating :D

Tapos ang daya nun, lahat ng mga sinabi ko na gawin niya dun sa nililigawan niya para mapasagot niya yun.. ginagawa niya saken. Tsk! Kinikilig tuloy ako! Haha.

Lalo na nung pumunta kami sa amusement park.

flashback

"Tara, punta tayo carousel."

"Huh? O-o sige.."

"Wuu. Parang ayaw mo e. Sige, wag na lang."

"Ayy sus."

Hinila na niya ako papunta sa ride na yun. Haha. Baliw talaga yun. By the way, HHWW kami :">

Nakarating na kami sa carousel. Then pumila. Nagtatoka ako. May hawak syang mga papel. Di ko alam kung saang lupalop nya kinuha yun. Hmf. Yaan na nga.

Una nya akong pinasakay tapos bigla syang bumaba.

"Hey! Where are you going??"

Loko yun. Ako lang mag'isa??

"Dito lang ako sa tabi. Papanuorin ka." then he smiled.

Err.. That smile. Tsk. Alam na niya ata yung weakness ko eh. Yung charming smile niya. Amp. Kinikilig ako
^///^

"Okay."

Umandar na ang carousel medyo mabagal lang yung ikot kaya medyo matagal ko syang di makikita.
Nung dumaan na ko sa place kung nasaan siya...

I was like.. O ___ O

Yung hawak nyang mga papel kanina, ginagawa nyang mga flowers. Eh?? Anung kalokohan na naman
yung naisip nun?

Nung next na ikot, nakakatatlong flowers na siya.

Yung next, five na yung nagawa niya.

Next is eight, nine, ten, eleven and twelve.

Pagkababa ko, sinalubong niya ako. Na may hawak na parang isang bouquet na flowers. Twelve flowers
because it is twelve today. Hmm.. Maybe.

Tinanggap ko yung flowers with a super wide smile with matching rosy cheeks pa. In short, kinikilig ako!
Haha. Kahit pa napakasimpleng bagay lang yun.. Nakakatuwa padin :">

Then pagtingin ko sa kanya, nakita ko na tinanggal nya yung polo nya at nakat-shirt na lang siya at saka
humarap sakin...

May nakalagay na statement sa shirt niya.

Speechless ako.

May nakalagay na 'I <3 SAM'

Ang corny no?

"Haha! Adik ka talaga. Thanks sa paper flowers."

Kahit corny, pwede na din. At least napatawa niya ako dun ah. :)

"Let's go na. Dinadaga na tayo dito dahil sa kacheezyhan mo."

"Hehe." kinamot niya lang yung batok niya. Narealize niya rin siguro na ang corny niya. Haha.

Naglakad lakad lang kami. At nang mapagod ako, naupo muna kami sa isang bench.

Nakatingin lang ako sa malayo. Di ko alam kung ano ang nasa isip ko. Hehe. Nababaliw na ata ako.

"I love you."

Napatingin naman ako sa kanya. May sinabi siya na hindi ko naman naintindihan. --

"Huh?"

"Yung sinabi ko sayo noon, I didn't mean it. Ngayon lang."

Di ko magets.

"Huh? Ano ba yun?"

Napakamot naman sya ng ulo nya. May kuto ba siya?

"Wala. Ang cute ng cheeks mo."

Napahawak naman ako sa pingi ko. Hanu daw??

"Oh. Wag mag'isip ng kung ano. Ayoko sa cheeks.. Gusto ko sa lips." then nagsmile sya ng napakawide.

And I'm like...

It ^{o////////o} Started With A TEXT

WHAT. THE. HELL.

>////////<

"Err! Napaka mo!"

Hinampas hampas ko sya. Nakakainis na ewan kasi.

"Aw! joke lang yun no. Binibiro lang kita."

"Ee! Kainis ka!" then nagcross arms ako. At tumingin sa ibang side. Loko talaga yun.

"Sorry na. Wag ka ng magalit. Please..?"

Makapagplease naman 'to. Humarap na ko sa kanya then binelatan ko sya.

"Tss.. Parang bata. Pakurot nga."

Then kinurot nya nga ko sa pisngi.

Hihi. :">

end of flashback

Wala lang. Para lang kaming mga adik. Haha.

bzzt. bzzt

Fr: kenkoi.stc

Guyz, sa next sat. tuloy na ung GEB natin ah. Sana makapunta kayo. Tnx.

-end-

Pupunta ba ko?

FIFTEEN

It **THE DAY.** Started With A TEXT

*GRAND E.B DAY,
Saturday.*

Nagtext ako sakanila na malelate ako. Galing pa kasi ako ng school at my inasikaso na rin.

Cookie:

ostc peeps, on the way na po ako. Pasensya na. Hihi :>>

xoxo,

your co'founder

-end-

Akala ko nga susunduin ako ni Mac eH. Eh may aasikasuhin din daw sya. Di din daw sya sure kung makakapunta sya sa GEB.

Yaan na. Kelangan ko ding pumunta e kasi I'm the co'founder. Di dapat umabsent. :P

Nakablue-checked na blouse with red inner ako na nakagrey-shorts na above 3 inches or more sa knee and wearing a blue and grey strips na Tom's with a small sling red bag. Hehe cute na ba ako? Watty think? :">>>>

Around 4pm na ako nakarating sa meeting place namin. Di ko nga pala nasabi kung anung place ang nanalo noh? Well, ang nanalo ay..

MOA. :)

Cookie: guys, where are you na? I'm here na.ü txtbk pls.

after 5 minutes

bzzt. bzzt

Fr.: 0921689****

Sa seaside po. punta kna. medyo mlapit sa bridge.

-end-

It Started With A TEXT

Geez. Sino 'to? Yaan na nga.

Nagpunta ako sa seaside kung saan sinabi nung unregistered number. And I think di nga ako jinojoke nito. I saw a bunch of teenagers dun sa may left side ng sea side. Di na din masyadong mainit kaya nakatambay sila dun. Sabi din ni founder, hintayin daw nila ako e. Suweet :)

Lumapit ako at tingin ko alam na nila kung sino ako.

"Cookie?" sabi nung isang guy na chubby but cute.

"Yeah. Hello everyone! Sorry talaga I'm late. May inasikaso pa kasi sa school e." then nagwave ako sa kanila.

"Ayo lang. :)" sabi nung isang magandang girl. Nakita ko na sya e. Hmm.. Sya ata si akisha. I think.

"Salamat sa pag-iintindi. Uhh.. nagpakilala na ba kayo sa isa't isa?" sabi ko.

"Uhh.. Yung iba. Hinintay ka din kasi namin." sabi nung isang bagets na lalake. Mukhang highschooler.

"Ah, okay. Okay. Thanks talaga. Oh tara. Game na."

Nakacircle kami. Actually, nasa isang table kami nakapwesto kaya yung iba, nakaupo, more on girls yung mga nakaupo tapos yung mga guys, nakatayo naman, kasama ako.

"Okay, start tayo sa founder." sabi ni akisha.

"Hi, ako nga pala si Kenkoi. Marc ang real name ko. Salamat sa pagpunta." nakatayo sya sa tabi nung isang girl na mahaba ang hair. Halata sa kanya na 20 na sya. Matangkad e. Okay naman ang looks nya. Tamang tangos yung ilong. Hehe.

"Uhh.. Hello!" tapos nagwave ako, **"I'm Cookie, your co'founder. Samantha is my real name. Nice to meet you everyone."** di naman masyadong nakakailang kahit todo tingin sila sakin. Hehe

"Hello! Ako nga pala si Akisha, your secretary.Call me Sara. :)" at tumayo pa talaga si akisha ah? Hehe. Ayos lang, maganda naman e. :p

"Hi! I'm Coolitz! Ang terminator nyong cute :D Izy na lang." tumayo din sya. Oo nga, she's cute. Though chubby-lita ang loka :D

At nag'isa isa nang nagpakilala ang mga members.

"I'm Hero. Hero talaga pangalan ko."

"Momoriane. Erise is the name."

"Iunacko. I'm Ariane :)"

"Ms.cutie. Call me Rica."

"Ms.zolohista. Jane ang name ko."

"Deathnote. Paul nga pala."

"Nice guy. Paul din! Hahaha."

"Beeyun. Jenny is the name."

"Ms.heart taken. I'm Rose."

"Mr.heartbreaker. Marvin nga pala."

"Bhestmhine. Jimmy here."

"Liezing. Beautiful Sandra is the name :D"

"Cloud. Nico po."

"Migz. Migz na din itawag nyo."

It Started With A TEXT

"Prince. I'm Aries."

"Cat.calee. Katherine, Kathy for short."

And last one na, di kasi nakarating yung iba e.

"Nizer. I'm Mark."

O _____ O

Shitzu. Tama ba pagkakarinig ko??

It Started With A TEXT

"Huwehh..? D-di nga..??" di ko alam pero biglang lumabas sa bibig ko yun. Geez, agaw eksena ako. >_<

"Oo nga. Ako nga." pacoool na sagot nya.

